# Pagsusulit sa Pagmamaneho: Tungkol sa iyong sasakyan

Bago magsimula ang iyong pagsusulit sa pagmamaneho, kailangan naming makita ang patunay ng napapanahong liability insurance. Susuriin namin ang iyong sasakyan para matiyak na gumagana ito nang maayos. Posibleng may mga sasakyan sa ilang lokasyon ng paaralan para sa pagmamaneho na available para sa pagsusulit sa pagmamaneho nang may bayad.

## Patunay ng napapanahong liability insurance

Nakasaad dapat sa patunay ng napapanahong liability insurance ang:

- Pangalan ng may-ari ng policy.
- Paglalarawan ng sasakyan.
- Petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng policy.

Hindi puwedeng i-verify ng examiner na nagsasagawa sa iyong eksaminasyon ang patunay ng insurance sa pamamagitan ng telepono. Ang anumang pagkaantala sa pagbibigay ng napapanahong liability insurance ay puwedeng magresulta sa pagbabago sa iskedyul ng iyong appointment.

## Mga kinakailangan sa sasakyan

Kung may hindi gumaganang anumang equipment ng sasakyan, hindi magpapatuloy ang examiner sa iyong pagsusulit sa pagmamaneho. Susuriin ng examiner ang iyong:

- Mga brake light (kasama ang center light).
- Mga signal sa pagliko.
- Mga seat belt (dapat ay nala-lock at naa-unlock nang maayos).
- Plaka (valid dapat).
- Parking brake.
- Windshield (titingnan para sa anumang item o crack na puwedeng makaapekto sa paningin).
- Pinto sa passenger seat (nabubuksan at naisasara dapat mula sa loob at sa labas).
- Bintana sa pinto ng driver (naibababa dapat sa paraang makakagamit ka ng mga hand signal).
- Mga salamin (kinakailangan, sa ilalim ng batas, ng salamin sa kaliwa sa labas at ng rearview sa loob, o ng salamin sa kaliwa at kanan sa labas).
- Mga windshield wiper, headlight, at defroster (kung kinakailangan para sa lagay ng panahon).

# Pagsusulit sa Pagmamaneho: Tungkol sa iyong sasakyan

## Mga inaarkilang sasakyan

Mga lisensyadong driver lang ang puwedeng gumamit ng mga inaarkilang sasakyan.

**Ikaw lang, ang examiner, isang service animal, at isang interpreter para sa mga hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig** ang puwede sa loob ng sasakyan sa panahon ng pagsusulit. Kung minsan, puwedeng sumakay ang isa sa aming mga supervisor o nagsasanay na staff bilang taga-obserba. Kung mayroon kang pagtutol, sabihin ito sa amin sa simula ng pagsusulit.

Hindi pinapayagan ang mga armas sa loob ng sasakyan.